19-4

Republic of the Philippines
# Department of Education

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

AUG 16 2005

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 235, s. 2005

PAMBANSANG SEMINAR SA FILIPINO

Sa Mga: Direktor ng Kawanihan
Direktor Panrehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Puno ng mga Paaralang Publiko at Pribado sa Elementarya at Sekundarya

1. Ang Pambansang Samahan sa Linggwistikang Filipino, Ink., at ang Kagawaran ng Edukasyon, Rehiyon III ay magdaraos ng Pambansang Seminar sa Filipino na may paksang "Tinig at Mithi: Pagpapaunlad ng Edukasyong Pangwika sa Filipino". Ito ay gaganapin sa Setyembre 10-11, 2005 sa Regional Learning Center (RELC), Angeles, Pampanga.

2. Pagkatapos ng seminar, ang mga kalahok ay inaasahang:

a. naibabahagi ang pananaw at bisyon ng mga rehiyon sa pagpapaunlad ng pagtuturo ng/sa Filipino;
b. nailalahad ang istatus ng Filipino sa mga rehiyon;
c. naiaangat ang kaalaman sa mga napapanahong estratehiya at teknik sa pagpapaunlad ng pagtuturo ng/sa Filipino; at
d. napaaalab ang pakikisangkot/komitment sa pagsusulong ng edukasyong pangwika sa Filipino.

3. Ang mga dadalo sa seminar na ito ay ang mga guro na nagtuturo ng/sa Filipino, ang panrehiyon at pansangay na superbisor o puno sa Filipino, puno ng kagawaran, punungguro at tagamasid sa mga paaralang elementarya at sekundarya, publiko o pribado man.

4. Ang ibabayad sa transportasyon mula sa pinanggalingang paaralan o tanggapan hanggang sa lugar ng seminar at pabalik, gayundin ang Sanlibo at Pitundaang Piso (PhP1,700.00) na ibabayad para sa rehistrasyon, pagkain at kit (hindi kasama ang akomodasyon, almusal at hapunan) ay maaaring manggaling sa pondong local ng kani-kanilang paaralan o tanggapan na sasailalim sa kaukulang pagtutuos at pag-aawdit.

5. Para matiyak ang bilang ng seminar handouts na ipamamahagi sa rehistrasyon, mangyaring magpadala ng reserbasyon sa o bago ang Setyembre 2, 2005 kina:

Dr. Lakandupil C. Garcia
DepED Region III Supervisor I
De La Salle University-Dasmarinas, Cavite
Tel. blg. (046) 540-1579
Mobile: (0919) 359-2012
E-mail address: legarcia@mail.dasma.dlsu.edu.ph

Dr. Lourdes Punzalan
DepED Region Supervisor I
San Fernando, Pampanga
Mobile: (0919) 925-9116/ (0922) 517-5793

Dr. Aurora Batnag
Ko-Direktor ng Seminar
Kalihim, PSLF
Mobile: (0919) 287-7816

6. Ipangalan ang bayad na tseke sa Pambansang Samahan sa Linggwistikang Filipino, Ink.

7. Hinihiling ang agaran at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

RAMON C. BACANI
Pangalawang Kalihim
Nanunungkulang Kalihim

Sanggunian:
Memorandum Pangkagawaran: Blg. 358, s. 2004

Pamumudmod: 1- -(D.O. 50-97)

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan sa ilalim
ng mga sumusunod na paksa:

Learning Area, FILIPINO
SEMINARS
SOCIETY or ASSOCIATIONS
TEACHERS

Reformatted by: Maricar/DM-Sem. Sa Filipino
08-12-05